# DASAL PARA SA BANAL NA PAG-IBIG

AMA NAMIN SUMASALANGIT KA, KINIKILALA KA NAMIN NA BANAL, MAPAGMAHAL AT MAAWAIN. KAMI'Y NANINIWALA NA KAMI'Y IYONG MGA MAHAL NA ANAK AT HINDI MAKASALANAN AT MASAMANG NILALANG GAYA NG TINURO NG MGA IBANG NAGPAPANGGAP.

KAMI'Y NANINIWALA NA ANG TAO AY IYONG PINAKADAKILANG NILALANG AT KAHANGA-HANGA SA LAHAT NG IYONG NILIKHA. ANG TAO AY IYONG LAYUNIN NG PAGMAMAHAL AT PAG-AARUGA MO.

ANG IYONG HABILIN NA KAMI'Y MAGING ISA SA IYO AT DAMDAMIN ANG IYONG BANAL NA PAG-IBIG NA HINDI MO PINAGKAIT DAHIL SA IYONG AWA AT NAIS NA KAMI'Y MAGING TUNAY MONG MGA ANAK HINDI DAHIL SA ISANG SAKRIPISYO AT PAGKAMATAY NG TAO LAMANG.

KAMI'Y NANALANGIN NA ANG AMING KALULUWA AY IYONG BUBUKSAN PARA SA PAG-AGOS NA IYONG BANAL NA PAG-IBIG; PARA MAIBIGAY AT MAIPAHAYAG NG ESPIRITU-SANTO SA AMING MGA KALULUWA ANG IYONG MASAGANANG BANAL NA PAG-IBIG HANGGANG ANG AMING ANYO AY MAGING KATULAD MO AT UPANG MAGKAROON KAMI NG PANANALIG NA KAMI'Y TUNAY NA MGA ANAK MO AT MAGING KAISA SA IYO AT HINDI IMAHEN MO LAMANG.

BIGYAN MO KAMI NG PANINIWALA NA IKAW ANG AMING AMA NA NAGGAGAWAD NG LAHAT NG KABUTIHAN AT HANDOG NA DALISAY. ANG AMING SARILI LAMANG ANG NAKAPAGPIPIGIL SA IYONG BANAL NA PAG-IBIG NA NAGBIBIGAY NG BUHAY NA WALANG HANGGAN.

SANA'Y HUWAG TUMIGIL ANG AMING PANINIWALA NA ANG IYONG PAG-IBIG AY NAGHIHINTAY SA BAWA'T ISA SA AMIN; KAPAG KAMI'Y HUMARAP SA IYO NA MAY LUBOS NA PANANALIG AT MAALAB NA HANGARIN, ANG IYONG BANAL NA PAG-IBIG AY DI MO IPAGKAKAIT SA AMIN.

PANATILIHIN MO ANG IYONG BANAL NA PAG-IBIG SA AMIN SA BAWA'T SANDALI NG AMING BUHAY. TULUNGAN MO KAMI MAKAIWAS SA TUKSO AT IADYA MO KAMI SA LAHAT NG MASAMANG NAKAPALIGID SA AMIN NA NAGTUTULAK NA KAMI'Y MAKALIMOT SA IYO.

NAGPAPASALAMAT KAMI SA IYONG BANAL NA PAG-IBIG AT SA LAHAT NG PAGKAKATAON NA INIHAHANDOG MO ITO SA AMIN. LUBUSANG KAMI'Y NANINIWALA NA IKAW ANG TUNAY NA MAPAGMAHAL NA AMA NA LAGING NAKANGITI SA AMING PAGKUKULANG AT PAGKAKASALA. ALAM NAMIN NA IKA'Y LAGING HANDANG TUMULONG AT YAKAPIN KAMI SA PAMAMAGITAN NG IYONG BANAL NA PAGIBIG.

TAIMTIM KAMING NAGDARASAL AT NANANALIG PARA MAIALAY SA IYO ANG KALUWALHATIAN, KARANGALAN AT PAG-IBIG.